

KAGAWARAN NG MGA SERBISYO SA PAG-UNLAD

1215 O Street, MS 9-90
Sacramento, CA 95814
TTY: 711
(833) 421-0061



Disyembre 30, 2022

PARA SA: MGA EXECUTIVE DIRECTOR NG REGIONAL CENTER

PAKSA: SELF-DETERMINATION PROGRAM: PAGPAPATULOY NG
PANG-INDIBIDWAL NA PLANO SA PAGBABADYET AT PAGGASTA

Kahanay ng mga pangunahing prinsipyo ng Self-Determination Program (SDP), may awtoridad ang mga kalahok na kontrolin ang partikular na halaga ng pera para bumili ng mga kinakailangang bagay at serbisyo sa pamamagitan ng kanilang pang-indibidwal na badyet. May magkakasamang responsibilidad ang mga indibidwal na pangkat sa pagpapalawig upang tulung-tulong na bumuo at aprubahan ang mga pang-indibidwal na badyet at pag-aralan ang mga plano ng paggasta para sa susunod na taon bago ang katapusan ng kasalukuyang taon ng pagbabadyet ng kalahok. Sa prosesong ito, maaaring magkaroon ng hindi pagkakasundo hinggil sa badyet at/o mga serbisyo. Ang sulat na ito ay nagbibigay ng gabay sa mga regional center para matiyak na patuloy na may access ang kalahok sa mga bagay at serbisyonang kailangan upang maipatupad ang kanilang pang-indibidwal na plano ng programa (IPP).

Katulad ng indibidwal na tumatanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng tradisyonal na sistema, may responsibilidad ang mga regional center na tiyakin ang pagpapatuloy ng mga serbisyonang kailangan upang ipatupad ang IPP ng kalahok ng SDP. Sa SDP, kabilang dito ang anumang panahon kung kailan ang naka-enroll na kalahok ay walang sertipikadong badyet at/o kasalukuyang plano ng paggasta. Habang nakabinbin ang pagkumpleto ng bagong plano sa pagbabadyet at paggasta, ipagpapatuloy ng regional center ang mga serbisyo sa pamamagitan ng anumang proseso na nagsasakatuparan sa kalalabasang ito, kabilang ang:

- Kung hindi naubos ng kalahok ng SDP ang mga pondo sa pang-indibidwal na badyet na kailangan upang maipagpatuloy ang pagpapatupad ng IPP, pagpapalawig ng petsa ng pagtatapos ng kasalukuyang plano ng pagbabadyet at paggasta.
- Pagpapatuloy ng plano ng pagbabadyet at paggasta mula sa nakaraang taon bilang bagong pagbili ng awtorisasyon sa serbisyo, na inaalís ang anumang mga pang-isang beses na gastusin.

"Bumubuo ng mga Partnership, Sumusuporta sa mga Pagpili"

Aabisuhan ng mga regional center ang tagapagkaloob ng Financial Management Services tungkol sa kung paano palalawigin ang pang-indibidwal na plano ng pagbabadyet at paggasta habang nakabinbin ang pagkumpleto ng plano ng pagbabadyet at paggasta nang hindi bababa sa 14 na araw bago ang katapusan ng kasalukuyang taon ng pagbabadyet. Ang bagong plano ng pagbabadyet at paggasta ay kukumpletuhin nang hindi lalampas ng 60 araw kasunod ng petsa ng pagtatapos ng nakaraang taon ng pagbabadyet, o kaya ay mag-iisyu ng Paunawa ng Aksyon (Notice of Action). Maaari ring ilabas ang Paunawa ng Aksyon (Notice of Action) sa iba pang oras na mayroong hindi pagkakasundo sa desisyon. Ang kalahok na maghahain ng apela sa oras ay patuloy na magkakaroon ng access sa huling napagkasunduang pang-indibidwal na badyet, na hindi kasama ang pang-isang beses na mga gastusin sa panahon ng proseso ng apela. Pagkakasunduan ang petsa ng pagsisimula ng bagong siklo para sa pagbabadyet ng indibidwal na pangkat sa pagpapalano.

Mga Executive Director ng Regional Center

Ikalawang pahina

Dapat makipag-ugnayan ang mga konsumidor, miyembro ng pamilya, o tagapagkaloob sa kanilang lokal na regional center kung may mga tanong tungkol sa sulat na ito.

Taos-puso,

VICKI L. SMITH, Ph.D.

Deputy Director

Dibisyon sa Pagpapaunlad ng Patakaran at Programa

cc: Mga Administrador ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Konsumidor ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Komunidad ng Regional Center
Asosasyon ng mga Ahensya ng Regional Center
Konseho ng Estado sa mga Kapansanan sa Pag-unlad
Nancy Bargmann, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Brian Winfield, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Carla Castañeda, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Jim Knight, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Ernie Cruz, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Suzy Requarth, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad